# DRIVING LICENSE REVIEWER (TAGALOG)

1. Habang nag mamaneho, dapat kang tumingin sa "side and rear view mirrors" ng:
   ***Answer:*** **Mabilis o Madalian**

2. Sa isang interseksyon na may "STOP SIGN" dapat kang :
   ***Answer:*** **Huminto at mag patuloy kung walang panganib**

3. Maari kang lumusot (overtake) sa kanang bahagi ng sasakyan kung:
   ***Answer:*** **Ang highway ay may dalawa o higit pang linya patungo sa isang direksyon**

4. Ang tamang gulang sa pagkuha ng lisensyang "Non-Professional" ay:
   ***Answer:*** **18 taong gulang**

5. Bago umalis ng paradahan dapat mong :
   ***Answer:*** **Suriin ang paligid bago mag patakbo**

6. Matapos kang lumampas (overtake) at nais mong bumalik sa pinanggalingan linya ng ligtas kailangan:
   ***Answer:*** **Makita mo sa "rear view mirror" ang iyong nilagpasan**

7. Ano ang dapat mong ihanda kung malayo ang biyahe?
   ***Answer:*** **Maghanda ng mga kagamitang pangkumpuni ng sasakyan kung masiraan at Planuhin ang ruta at ikondisyon ang sasakyan.**

8. Ang sasakyan ay nakaparada (parked) kung:
   ***Answer:*** **Nakahinto ng matagal at patay ang makina**

9. Ang pagkakaroon ng lisensya ay isang:
   ***Answer:*** **Pribilehiyo**

10. Ang lisensyang "Non-Professional" ay para lamang sa:
    ***Answer:*** **Mga pribadong sasakyan**

11. Kung paparada ng paahon sa may bangketa, dapat mong ipihit ang gulong:
    ***Answer:*** **Palayo sa bangketa**

12. Ano ang kahulugan ng patay sinding kulay pulang ilaw trapiko?
    ***Answer:*** **Huminto at magpatuloy kung ligtas**

13. Sa tuwing lilipat ng linya, dapat sumenyas, tignan ang iyong "side" at "rear view mirror" at
    ***Answer:*** **Tignan kung may parating na sasakyan**

14. Sa highway na may dalawang guhit maari kang lumusot (overtake) kung sa iyong panig ay may:
    ***Answer:*** **Putol-putol na dilaw na guhit**

15. Ang hindi pagsunod sa ilaw trapiko ay paglabag sa batas trapiko at:
    ***Answer:*** **Maaring masangkot sa iyo sa isang aksidente**

16. Kung ang drayber ng sasakyan na sa unahan mo ay maglabas ng kanyang kaliwang kamay at iunat ito, nakatitiyak ka na siya ay:
    ***Answer:*** **Kakaliwa**

17. Ano ang dapat gawin kung parating na sa isang kurbada?
    ***Answer:*** **Magmarahan / bagalan ang takbo bago dumating sa kurbada**

18. Ang mahuling lasing sa alak o ipinagbabawal na gamot ay may karampatang parusa na:
    ***Answer:*** **Multa o pagkabilanggo at Pagsuspinde ng lisensya**

19. Kung magpapatakbo ng mabagal sa "Expressway" dapat kang gumawi sa:
    ***Answer:*** **Pinakakanang bahagi ng daan**

20. Ano ang dapat mong dalhin kung magmamaneho?
    ***Answer:*** **Lisensya, rehistro at resibo ng huling pinagbayaran ng rehistro sa LTO**

21. Kung masangkot sa isang sakuna, dapat itong ipagbigay alam sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya:
    ***Answer:*** **Kaagad-agad**

22. Mapanganib magpatakbo ng matulin kung gabi sapagkat:
    ***Answer:*** **maikli ang abot tanaw kung gabi**

23. Ano ang dapat gawin kung pinahihinto ng pulis
    ***Answer:*** **huminto sa ligtas na lugar at ibigay ang lisensya at iba pang papeles ng sasakyan kung hinihingi**

24. Mapanganib ang palikong kaliwa kaysa kanan sapagkat:
    ***Answer:*** **Kailangan maging listo sa mga sasakyang magmumula sa kaliwa, kanan at pasalubong**

25. Ang pinakaligtas na alituntunin kahit ikaw ang may karapatan sa daan ay:
    ***Answer:*** **Ang hindi ipagpilitan ang karapatan**

26. Sa rotonda, alin o sino ang may higit na karapatan sa daan?
    ***Answer:*** **Ang sasakyang nasa loob ng rotonda**

27. Hindi dapat lumusot (overtake) sa paanan ng tulay sapagkat:
    ***Answer:*** **Hindi nakikita ang kasalubong na sasakyan**

28. Ano ang pinakaligtas na distansya / agwat ng isang sasakyan sa kanyang sinusundan?
    ***Answer:*** **Isang sukat ng sasakyan**

29. Ano ang kahulugan ng patay sinding dilaw na ilaw trapiko?
    ***Answer:*** **Magmarahan at magpatuloy kung walang panganib**

30. Ano ang kahulugan ng tuloy-tuloy na guhit na kulay dilaw?
    ***Answer:*** **Bawal lumusot at bawal tumawid ang sasakyan**

31. Ayon sa batas, hindi ka maaring magmaneho ng matulin maliban kung:
    ***Answer:*** **Walang panganib at Naaayon sa takdang bilis o tulin**

32. Ano ang dapat mong gawin kung ang sasakyan sa likuran mo ay gustong lumusot (overtake)?
    ***Answer:*** **Magmaharan, gumawi sa kanan at baayan itong lumampas**

33. Ang isang may lisensya ay maaring magmaneho ng?
    ***Answer:*** **Uri ng sasakyang nakasaad sa lisensya**

34. Kung ang makasalubong mo ay may nakakasilaw na ilaw, ano ang dapat mong gawin?
    ***Answer:*** **Tumingin ng bahagya sa gawing kanan ng kalsada**

35. Ano ang kahulugan ng senyas trapikong kulay pula na tatsulok ang hugis?
    ***Answer:*** **Nagbibigay babala**

36. Ano ang kahulugan ng senyas trapikong kulay pula na pabilog, octagon o baligtad tatsulok?
    ***Answer:*** **Nagbibigay babala**

37. Ano ang kahulugan ng senyas trapikong kulay asul at puti na pabilog ang hugis?
    ***Answer:*** **Nagbibigay direksyon at impormasyon**

38. Ano ang kahulugan ng senyas trapikong asul at puti na parihaba o parisukat ang hugis?
    ***Answer:*** **Nagbibigay ng impormasyon**

39. Ano ang kahulugan ng berdeng Ilaw trapiko?
    ***Answer:*** **Senyas upang patakbuhin ang sasakyan**

40. Ano ang kahulugan ng dilaw na signal trapiko?
    ***Answer:*** **Humanda sa paghinto at malapit nang sumindi ang ilaw na pula**

41. Ano ang kahulugan ng berdeng signal trapiko?
    ***Answer:*** **Patakbuhin ng tuloy-tuloy ang sasakyan**

42. Ano ang ibig sabihin ng berdeng “arrow” signal ng trapiko?
    ***Answer:*** **Nagpapahintulot sa mga sasakyan na kumaliwa o kumanan**

43. Ano ang ibig sabihin ng dilaw na “arrow” signal na trapiko?
    ***Answer:*** **Magmabagal at humandang huminto**

44. ang puting linya sa daan ay:
    ***Answer:*** **Naghihiwalay sa trapiko na tumakbo sa iisang direksyon**

45. Ang dilaw na linyang tuloy-tuloy ay palatandaan na:
    ***Answer:*** **Bawal ang paglusot sa kaliwa**

46. Ang dilaw na linyang putol-putol ay palatandaan na:
    ***Answer:*** **Pinapayagan ang paglusot sa kaliwa**

47. Ang puting linyang putol-putol ay palatandaan na:
    ***Answer:*** **Maaaring lumusot pakaliwa o pakanan kung walang peligro**

48. Ang dalawang dilaw na linya na putol-putol:
    ***Answer:*** **Maaaring lumusot sa kaliwa o kanan**

REVIEWER

49. Ang dalawang dilaw na linya na tuloy-tuloy ay palatandaan na:
*Answer:* **Bawal lumusot kailanman**

50. Ang kailangang gulang ng aplikante para sa "Professional Driver's License" ay:
*Answer:* **18 taong gulang**

51. Sa highway kung nais mong magpatakbo ng mabagal kaysa iba, dapat kang gumawi sa;
*Answer:* **Pinakakanang bahagi ng kalye**

52. Ang pinakaligtas na tulin ng isang sasakyan ay naayon sa:
*Answer:* **Kakayahan ng nagmamaneho, kakayahan ng sasakyan, kondisyon ng panahon at kondisyon ng kalsada.**

53. Ano ang dapat mong gawin upang malabanan ang pagod at antok sa haba ng biyahe?
*Answer:* **Huminto paminsan-minsan at magpahinga**

54. Ang isang drayber ay itinuturing na propesyonal kung:
*Answer:* **Siya ay inuupahan o binabayaran sa pagmamaneho ng sasakyan pribado o pampasahero**

55. Sa isang sangandaan / intersekyon na walang nakatalagang senyas trapiko, dalawang sasakyan ang dumarating mula sa magkaibang kalye, aling sasakyan ang dapat magbigay?
*Answer:* **Ang huling dumating**

56. Ang lisensya ay maaring ipagamit sa iba:
*Answer:* **Hindi pinapayagan kailanman**

57. Kung umilaw ang brakelights ng sasakyan ng nasa iyong unahan, dapat kang :
*Answer:* **Humanda sa pagpreno**

58. Sa isang intersekyon na walang nakatalagang senyas trapiko, dalawang sasakyan ang dumating ng sabay. Aling sasakyan ang may karapatan sa daan ?
*Answer:* **Ang sasakyang nasa sa kanan**

59. Kung may tumatawid sa tawirang pangpaaralan, ano ang dapat mong gawin?
*Answer:* **Huminto at wag magpatuloy habang may taong tumatawid**

60. Ano ang kahulugan ng senyas trapiko na kulay asul?
*Answer:* **Nagbibigay kaalaman**

61. Kung masangkot sa isang sakuna ano ang dapat gawin ng drayber?
*Answer:* **Ipagbigay alam ang pangyayari sa pinakamalapit na pagamutan at pinakamalapit na Himpilan ng pulisya**

62. Ano ang kahulugan ng kulay pulang ilaw trapiko?
*Answer:* **Huminto at hintayin ang berdeng ilaw**

63. Kailan dapat magdesisyon ang drayber?
*Answer:* **Habang siya ay nagmamaneho**

64. Saang lugar hindi ka dapat lumusot (overtake)?
*Answer:* **Sa harap ng paaralan, "busy streets", at sa mga sangandaan o interseksyon na may isang "direction lane"**

65. Mapanganib ang likong pakaliwa kaysa pakanan sapagkat:
    ***Answer:*** **Lubhang mabilis ang sasakyang pasalubong**

66. Ano ang dapat mong gawin kung may pasaherong gustong bumaba?
    ***Answer:*** **Huminto sa tamang lugar at paalalahanan sila na mag-ingat sa pagbaba**

67. Ang busina ay ginagamit upang:
    ***Answer:*** **Makapagbigay babala ng kaligtasan / pag-iingat**

68. Ano ang kahulugan ng arrow o palasong nakapinta sa kalsada?
    ***Answer:*** **Sundin ang direksyong itinuturo**

69. Ang pulang bandera o pulang ilaw ay dapat nakakabit sa anumang dala ng sasakyan na lalampas ng:
    ***Answer:*** **Isang metro mula sa likod ng sasakyan**

70. Hindi ka pinapayagan tumawid sa kabila ng buong dilaw na guhit maliban kung ikaw ay:
    ***Answer:*** **Palikong kaliwa**

71. Ano ang wastong senyas kamay kung ikaw ay liliko sa kanan?
    ***Answer:*** **Nakalabas ang kaliwang kamay at nakaturo sa itataas na parang nanunumpa**

72. Ano ang takdang tulin ng isang sasakyan na lugar ng paaralan?
    ***Answer:*** **20 kph**

73. Saang lugar hindi maaring pumarada?
    ***Answer:*** **Sa lugar na ipinagbabawal gaya ng tawiran ng tao at malapit sa interseksyon.**

74. Kung ang drayber ng sasakyan na nasa unahan mo ay maglabas ng kaliwang kamay na nakaturo sa ibaba siya ay:
    ***Answer:*** **Hihinto**

75. Kung ang drayber na nasa unahan mo ay naglabas ng kaliwang kamay na nakaturo sa itaas, siya ay:
    ***Answer:*** **Kakanan**

76. Ang pagmamaneho ng walang tamang lisenya ay ipinagbabawal ng batas at may kaparusahang:
    ***Answer:*** **Multa at suspensyon**

Land Transportation Office
Department of Transportation
REVIEWER